

Pamantayan ng Pag-uugali ng Kasosyo ng Workday

2025



Pamantayan ng Pag-uugali ng Kasosyo ng Workday

Inilalarawan ng Pamantayan ng Pag-uugali ng Kasosyo na ito ang mga inaasahan ng Workday sa kung paano pinaglilingkuran ng aming mga kasosyo sa negosyo at ng kanilang mga empleyado, subcontractor, at ahente o sinumang kumikilos para sa Workday (sama-samang tinutukoy bilang "Mga Kasosyo") ang aming mga kostumer sa pakikipagtulungan sa Workday.

Inaasahan namin na lubos na tatanggapin ng aming mga Kasosyo ang aming [Mga Pangunahing Pinahahalagahan sa Workday](#) na mga Empleyado, Serbisyo sa Kostumer, Pagbabago, Integridad, Kasayahan, at Kakayahang Kumita, magsisikap sila para makapagbigay-inspirasyon sa mas mahusay na araw ng trabaho para sa lahat, kakatawanin nila ang Workday nang may propesyonismo, at susunod sila sa mga prinsipyong nakabalangkas sa Pamantayan ng Pag-uugali ng Kasosyo na ito.

Integridad at Pagsunod sa mga Batas

Paglaban sa Korapsyon

Susunod ang mga Kasosyo sa lahat ng naaangkop na batas laban sa korapsyon at pagpuslit ng pera, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, Foreign Corrupt Practices Act at UK Bribery Act. Ipinagbabawal ang lahat ng uri ng panunuhol, ilegal na komisyon, at iba pang korapsyon.

Mahigpit na pinagbabawalan ang mga Kasosyo na mangako, mag-alok, magpahintulot, magbigay, o tumanggap ng anumang may halaga, direkta man o hindi direkta sa pamamagitan ng ikatlong partido, upang makuha o mapanatili ang negosyo, maidirekta ang negosyo sa sinumang tao, o kung hindi man ay makakuha o magmukhang nakakakuha ng hindi wastong kalamangan. Hindi iimpluwensyahan ng mga Kasosyo ang anumang kilos o desisyon ng sinumang opisyal ng gobyerno, empleyado, o kandidato sa pulitika, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, sa pamamagitan ng pagbibigay ng anumang hindi tama o labag sa batas na mga regalo, pagkain, paglalakbay, o libangan. Ang mga kasosyo ay hindi magbibigay, magtatangkang magbigay, mag-aalok, o manghihingi ng ilegal na komisyon, direkta man o hindi direkta, upang makakuha ng paborableng pagtrato o magbigay ng gantimpala kapalit nito kaugnay ng anumang transaksyon. Lubos na susunod ang mga kasosyo sa anumang mga patakaran kaugnay sa mga proseso ng tender at bid, at hindi maaaring mag-alok ng trabaho sa mga empleyado o opisyal ng gobyerno o sa mga miyembro ng kanilang pamilya o malalapit na kasamahan kung ang paggawa nito ay lalabag sa mga naaangkop na batas o maaaring maituring na hindi wastong benepisyo upang makakuha ng mga opisyal na pagkilos.

Ipinagbabawal ng Workday ang lahat ng anyo ng pagpuslit ng pera, kabilang ang pagkukubli ng mga transaksyon, pangangasiwa ng perang ilegal na nakuha, o pagbabago ng naturang pera para pagmukhaing mga lehitimong pondo.

Mga Rekord ng Negosyo at Accounting

Ang mga kasosyo ay magpapanatili ng kumpleto at tumpak na mga libro at rekord kaugnay ng mga pagbebenta ng mga produkto at serbisyo ng Workday at anuman at lahat ng mga transaksyon o iba pang mga gastos na may kaugnayan sa anumang negosyong nauugnay sa Workday. Mahigpit na pinagbabawalan ang mga kasosyo na makisali sa mga mali at/o nakakalitong mga gawi sa accounting, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, paglikha ng "slush funds," mga cash account, mga hindi naitalang pondo, o katulad na hindi wastong gawi sa pananalapi.

Patas na Kompetisyon at Antitrust

Susunod ang mga kasosyo sa lahat ng naaangkop na mga batas at regulasyon sa kompetisyon at antitrust. Bukod sa pagsunod sa mga naaangkop na batas at regulasyon, hindi dapat makipagtalakayan o makipagkasundo ang mga Kasosyo sa sinumang kakumpitensya upang (1) ayusin o kontrolin ang mga presyo; (2) makipag-ugnayan sa panahon ng proseso ng pag-bid; (3) i-boycott ang mga supplier o kostumer; (4) hatiin o itala ang mga pamilihan, teritoryo, produkto, kostumer, o supplier; o (5) limitahan ang produksyon o pagbebenta ng mga produkto o linya ng produkto. Gagamit lamang ang mga Kasosyo ng mga legal na paraan ng pangangalap ng impormasyon kaugnay ng mga nagbebenta ng mga produktong kakumpitensya ng mga produkto ng Workday.

Mga Kontrol sa Kalakalan

Mahigpit na susunod ang mga Kasosyo sa lahat ng naaangkop na batas at regulasyon sa kalakalan, kabilang ang mga batas at regulasyon ng Estados Unidos sa pagkontrol sa pag-export na kumokontrol sa pag-angkat, pag-export, at muling pag-export ng mga produkto, teknolohiya, at impormasyon ng Workday. Nang hindi nililimitahan ang pangkalahatang kahulugan ng mga nabanggit, hindi gagawing available ng mga Kasosyo ang mga produkto, teknolohiya, at impormasyon ng Workday sa sinumang tao o entidad na: (1) matatagpuan sa loob, karaniwang naninirahan sa, o may punong tanggapan sa, isang bansa o teritoryo na napapailalim sa komprehensibong pagbabawal ng European Union, United Nations, o gobyerno ng U.S. o iba pang mahahalagang paghihigpit sa kalakalan; (2) nakalista sa, o napapailalim sa pamamagitan ng pagmamay-ari, anumang listahan ng mga ipinagbabawal o pinaghihigpitang partido ng European Union, United Nations o gobyerno ng U.S.; o (3) nakikibahagi sa mga aktibidad na direkta o hindi direktang nauugnay sa paglaganap ng mga sandata ng malawakang pagwasak.

Pagkuha ng Pampublikong Sektor at Pag-lobby

Ang mga aktibidad na maaaring angkop kapag nakikipag-ugnayan sa mga hindi pampublikong sektor o mga hindi kliyente ng gobyerno ay maaaring hindi wasto at maging ilegal kapag nakikipag-ugnayan sa mga entidad ng gobyerno, mga entidad na pag-aari ng gobyerno, mga entidad na kontrolado ng gobyerno, o mga entidad na napapailalim sa mga patakaran sa pagkuha ng gobyerno ("Mga Kliyente ng Gobyerno"). Ang mga kasosyong nakikipagnegosyo sa mga Kliyente ng Gobyerno ay susunod sa lahat ng batas, patakaran, regulasyon sa pagkuha, at mga sugnay sa kontrata na may kaugnayan sa pagkuha ng mga produkto at serbisyo ng mga naturang Kliyente ng Gobyerno direkta man o hindi direkta ang naturang pagbebenta, kabilang ang marketing o rekomendasyon ng mga produkto at/o serbisyo ng Workday at ang pagsusumite ng mga tumpak na invoice sa gobyerno at pagsunod sa lahat ng batas kaugnay sa pag-invoice at pagbabayad.

Bukod pa rito, hindi dapat subukan ng mga Kasosyo na kumuha, nang direkta o hindi direkta, mula sa anumang mapagkukunan, ng impormasyong sensitibo sa pagkuha na hindi available sa publiko o kung hindi man ay awtorisado para sa pagsisiwalat ng gobyerno; kumpidensyal na panloob na impormasyon ng gobyerno, tulad ng bago ang paggawad, impormasyon sa pagpili ng mapagkukunan; o anumang impormasyong pagmamay-ari ng kakumpitensya, kabilang ang, halimbawa, impormasyon sa bid o panukala, sa panahon ng pagkuha o sa anumang iba pang mga pangyayari kung saan may dahilan upang maniwala na ang paglabas ng naturang impormasyon ay hindi awtorisado.

Ang mga kasosyo na nagbebenta o nag-aalok na magbenta ng mga produktong pangkomersyo sa Gobyerno ng Estados Unidos ay dapat na maging pamilyar at dapat tiyakin ang pagsunod sa mga batas at regulasyon kaugnay ng pagbebenta ng mga produktong pangkomersyo at pagbebenta sa gobyerno at, kung naaangkop, sa mga regulasyon sa pagkontrata ng Pamamahala ng Pangkalahatang Serbisyo (General Services Administration, GSA).

Ang pag-lobby ay anumang aktibidad na inilaan upang impluwensyahan ang entidad ng gobyerno. Itinuturing ng ilang gobyerno ang mga aktibidad sa pagkuha at pagbebenta bilang pag-lobby. Ang mga Kasosyo ay responsable sa pagtukoy kung ang aktibidad ay legal na tinukoy bilang pag-lobby at dapat tiyakin na natutugunan ang anumang mga legal na kinakailangan na nauugnay sa mga aktibidad sa pag-lobby. Hindi magla-lobby ang mga Kasosyo ng mga gobyerno para sa Workday.

Intelektwal na Ari-arian at Proteksyon ng Impormasyon, mga Ari-arian, mga Mapagkukunan, at mga Pasilidad

Igagalang ng mga Kasosyo ang mga karapatan sa intelektwal na ari-arian, poprotektahan ang kumpidensyal na impormasyon, at susunod sa mga tuntunin at regulasyon sa pagkapribado at proteksyon ng datos. Gagamit lamang ang mga kasosyo ng teknolohiya ng impormasyon at software na legal na nakuha at lisensyado. Susunod ang mga Kasosyo sa lahat ng naaangkop na batas at regulasyon sa pagkapribado at proteksyon ng datos, kabilang ang ngunit hindi limitado sa mga pambansa, pederal, estado, lokal, at mga batas o regulasyon na partikular sa industriya o sektor. Pananatilihin ng mga Kasosyo ang pagkakumpidensyal ng anumang kumpidensyal na impormasyon at anumang iba pang impormasyong pagmamay-ari na natanggap sa panahon ng ugnayan sa negosyo sa Workday. Ligtas na itatago ng mga Kasosyo ang kumpidensyal na impormasyon o datos na protektado ng mga tuntunin at regulasyon sa pagkapribado at proteksyon ng datos at pananatilihin itong ligtas mula sa pagkawala, pagnanakaw, o hindi awtorisadong pag-access o pagsisiwalat.

Gagamitin ng mga Kasosyo ang anumang mga asset, pasilidad, o mapagkukunan na ibinigay ng Workday sa paraang positibo ang epekto sa Workday at sa mga empleyado nito, kabilang ang pagsunod sa anumang naaangkop na mga batas o patakaran. Ang mga Kasosyong nagpapatakbo sa mga pasilidad ng Workday ay susunod sa lahat ng naaangkop na patakarang nakalaan upang maitaguyod ang kalusugan at kaligtasan, kabilang ang mga patakarang naglalayong bawasan o pigilan ang pagkalat ng mga nakakahawang sakit.

Responsableng AI

Inaasahan ng Workday na ibabahagi ng aming mga Kasosyo ang mga pinahahalagahang pinagtibay ng [programang Responsableng AI](#) ng Workday. Dapat sumunod ang mga Kasosyo sa lahat ng naaangkop na batas, regulasyon, at pamantayan ng AI, at anumang pamantayang ibinigay ng Workday kaugnay sa pagbuo o paggamit ng mga solusyon sa AI.

Panloob na Kalakalan

Ibinabahagi ng Workday ang impormasyon sa mga Kasosyo upang matagumpay nilang matugunan ang kanilang mga layunin at obligasyon. Hindi maaaring gamitin ng mga Kasosyo ang impormasyong ibinigay ng Workday, o kung hindi man ay nakuha sa pamamagitan ng kanilang pakikipagsosyo sa Workday, upang makisali sa Panloob na Kalakalan. Ang Panloob na Kalakalan ay ang ilegal na pagbili o pagbebenta ng mga securities (stock) ng kumpanya habang may hawak na mahalagang hindi pampublikong impormasyon kaugnay sa kumpanyang iyon. Ang impormasyon ay itinuturing na mahalaga kung makatuwirang inaasahan itong makakaapekto sa presyo sa pamilihan ng stock ng kumpanyang iyon o kung maaari itong makaapekto sa desisyon ng isang mamumuhunan na bumili, magbenta, o humawak ng mga securities. Ang impormasyon ay itinuturing na hindi pampubliko kung hindi pa ito inanunsyo sa pamamagitan ng opisyal na channel. Hindi rin dapat makisali ang mga Kasosyo sa "pagbibigay ng tip" o kung hindi man ay magbahagi ng mahahalagang impormasyon na hindi pampubliko sa iba o payuhan ang iba na makipagkalakalan gamit ang naturang impormasyon.

Mga Patas na Gawi sa Marketing at Pagbebenta

Binibili ng Workday ang mga produkto at serbisyo ng iba batay sa presyo, kalidad, at serbisyo.. Inaasahan namin ang aming mga Kasosyo na kumakatawan sa Workday na kikilos sa parehong batayan. Alinsunod dito, ang lahat ng pakikitungo sa negosyo ay dapat na walang kinikilingan, makatarungan at walang katiwalian at hindi wastong impluwensya.

Mga Pamantayan sa Pag-aanunsiyo at Gawi sa Pagbebenta

Inaasahang ang mga gawi sa marketing at pagbebenta ng mga Kasosyo ay maipapakita ang kanilang pangako sa tapat at patas na pakikitungo sa kanilang kasalukuyan at potensyal na mga kliyente. Inaasahan na ang mga kasosyo ay hindi (1) makikisali sa anumang nakakalito o mapanlinlang na mga gawi sa marketing o pagbebenta, (2) maling katawanin ang mga produkto, serbisyo, at presyo ng Workday, o (3) gumawa ng hindi patas, nakalilito, hindi tumpak, o maling mga pahayag tungkol sa, o paghahambing sa mga alok ng kakumpitensya. Dapat sumunod ang mga kasosyo sa lahat ng naaangkop na batas, tuntunin, at regulasyon, at dapat maging tapat at tumpak kapag nakikibahagi sa anumang pag-aanunsyo, marketing, ugnayan sa media, o mga aktibidad na pang-promosyon na tumutukoy o nagsasangkot sa Workday sa anumang paraan.

Mga Salungatan ng Interes

Magiging malinaw ang mga kasosyo kaugnay sa anumang interes, aktibidad, o relasyon na maaaring sumalungat (o tila sumasalungat) sa pinakamahasag na interes ng Workday, at hindi makikibahagi sa anumang aktibidad na makakasagabal, o maaaring makatwirang ituring na nakakasagabal, sa mga responsibilidad sa kontrata ng mga Kasosyo sa Workday. Ang mga salungatan na dapat isiwalat agad sa Workday ay maaaring kinabibilangan ng (ngunit hindi limitado sa) mga tauhan ng Workday bilang opisyal, direktor, o shareholder ng Kasosyo, o pagbabayad ng mga insentibo sa mga tauhan ng Workday.

Mga Regalo, Libangan sa Negosyo, at Paglalakbay

Ang katamtaman, proporsyonal, at maayos na naitalang libangan sa negosyo at mga regalo ay maaaring makalikha ng mabuting kalooban at maayos na mga relasyon sa trabaho. Ang mga regalong iaalok o natatanggap ng mga Kasosyo kaugnay ng kanilang pakikipag-ugnayan o pagkatawan sa Workday ay: (1) dapat na naaayon sa mga nakagawiang kasanayan sa negosyo, (2) dapat na makatwiran ang halaga, bukas at malinaw, (3) hindi maaari

ang regalang pera o katumbas ng pera, maliban kung makakuha ng nakasulat na pag-apruba mula sa Workday Integrity Team, (4) hindi maaaring makatwirang ipakahulugan bilang suhol o kabayaran, (5) at hindi lalabag sa anumang batas, regulasyon, o naaangkop na mga patakaran ng organisasyon ng kabilang partido. Ang mga gastos sa paglalakbay na ginawa ng mga Kasosyo ay dapat na sumunod sa lahat ng mga kasunduan sa kontrata, hindi labis o maluhô, at sumusunod sa lahat ng naaangkop na mga batas at patakaran.

Mga Karapatang Pantao at Pamantayan sa Paggawa

Ang Workday ay nakatuon sa pagpapanatili ng kapaligiran sa trabaho na pinahahalagahan ang respeto at integridad. Inaasahan namin na ang mga Kasosyo ay makikibahagi sa pagtuon ng Workday sa mga karapatang pantao, patas na pagtrato, pantay na pagkakataon sa lugar ng trabaho, at kumilos alinsunod sa lahat ng naaangkop na mga batas at regulasyon sa paggawa at pagtatrabaho.

Trabaho na Malayang Pinili at Paggamit ng Bata sa Paggawa

Ang pagtatrabaho sa mga Kasosyo ng Workday ay dapat na pagpapahayag ng malayang pagpili at hindi dapat magkaroon ng sapilitan, pagkatali, o hindi boluntaryong paggawa, o pang-aalipin o pangangalakal ng mga tao. Dapat pahintulutan ng mga Kasosyo ang mga manggagawa na itigil ang pagtatrabaho kapag may makatuwirang abiso. Hindi dapat kunin o sirain, itago, kumpiskahin, o ipagbawal ng mga Kasosyo sa mga empleyado ang pag-access sa kanilang mga dokumento ng pagkakakilanlan o ng imigrasyon, tulad ng pagkakakilanlan na ibinigay ng gobyerno, mga pasaporte, o mga permiso sa trabaho. Dapat ding sumunod ang mga Kasosyo sa mga lokal na kinakailangan sa pinakamababang sahod at pinakamataas na oras ng pagtatrabaho. Mahigpit na ipinagbabawal ang paggamit ng bata sa paggawa.

Walang Diskriminasyon

Hindi mandiskrimina nang labag sa batas ang mga kasosyo sa anumang mga desisyon sa pagtatrabaho, kabilang ang pagkuha, kabayaran, promosyon, disiplina, o pagtanggap sa trabaho, batay sa edad, ninuno, kulay, kasarian (kabilang ang pagbubuntis, panganganak, o mga kaugnay na kondisyong medikal), pagkakakilanlan o pagpapahayag ng kasarian, impormasyong henetiko, katayuan sa pag-aasawa, kondisyong medikal, kapansanan sa pag-iisip o pisikal, bansang pinagmulan, protektadong pangangalaga sa pamilya o katayuan sa medikal na pagliban sa trabaho, lahi, relihiyon (kabilang ang mga paniniwala at kasanayan o ang kawalan nito), oryentasyong sekswal, katayuan sa militar o pagiging beterano, o anumang iba pang konsiderasyon na protektado ng naaangkop na batas.

Mga Pamantayan sa Kapaligiran

Mga Batas sa Kapaligiran at Pagpapanatili

Ang Workday ay nakatuon sa pangangalaga sa aming mga tao at sa planeta, at nakatuon sa mga pagsisikap sa pagpapanatili na sumusuporta sa aming mga pangako sa mga stakeholder at naaayon sa aming mga pangunahing pinahahalagahan. Inaasahan ng Workday na makikibahagi ang mga Kasosyo sa aming pangako. Bilang pinakamababang pamantayan, susunod ang mga Kasosyo sa lahat ng naaangkop na batas at regulasyon sa kapaligiran, panatilihing napapanahon ang lahat ng kinakailangang pagpaparehistro at permiso sa kapaligiran na may kaugnayan sa mga negosyo nito, at ipatutupad ang mga naaangkop na hakbang sa konserbasyon. Upang makaayon sa [Patakaran ng Workday sa Pagpapanatili sa Kapaligiran](#), dapat magsikap ang mga Kasosyo na makilahok sa mga napapanatiling aktibidad, kabilang ang pagsisikap na lumipat sa mga mapagkukunan ng enerhiya na walang karbon at bawasan ang mga emisyon, magbigay ng napapanatiling kapaligiran sa pagtatrabaho, isama ang mga gawi sa berdeng gusali, responsableng pagtatapon ng basura at ipatutupad ang mga napapanatiling gawi sa pagkuha.

Responsableng Pagkuha ng mga Mineral

Dapat sumunod ang mga Kasosyo sa lahat ng mga kinakailangan kaugnay sa mga mineral na nagdudulot ng salungatan at magsagawa ng makatwirang pag-iingat. Inaasahang magsasagawa ang mga Kasosyo ng makatwirang pag-iingat sa pinagmumulan at daloy ng painagmumulan ng mga materyales na ito at ipakita ang kanilang mga hakbang sa makatwirang pag-iingat sa kanilang mga kostumer at Workday kapag hiniling.

Pagpapatuloy ng Negosyo

Pananatilihin ng mga Kasosyo ang kultura ng katatagan sa pamamagitan ng aktibong pagsikap upang mabawasan ang mga pagkaantala sa negosyo sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga plano sa pagpapatuloy ng negosyo at pagbawi ng teknolohiya.

Mga Pamantayan sa Pagsunod

Tulong

Magbibigay ang mga Kasosyo ng makatwirang tulong at makikipagtulungan sa anumang imbestigasyon, pag-audit, o pagsisikap para sa makatwirang pag-iingat ng Workday, kabilang ang itinuturing o pinaghihinalaang paglabag sa Pamantayan sa Pag-uugali ng Kasosyo na ito o ng itinuturing o pinaghihinalaang paglabag ng empleyado sa Pamantayan sa Pag-uugali ng Workday. Pahihintulutan din ng mga Kasosyo ang Workday para sa makatwirang i-access ang lahat ng dokumentasyon kaugnay sa pagsunod sa Kasosyo sa Pamantayan ng Pag-uugali ng Kasosyo na ito at mga batas na naaangkop sa anumang gawaing isinasagawa sa ngalan ng Workday. Anumang paglabag o hindi pagsunod ng Kasosyo sa Pamantayan na ito ay magiging batayan para sa pagtatapos ng relasyon ng Workday sa Kasosyo, sa kabila ng anumang magkasalungat na tuntunin sa anumang kontrata o order form ng Kasosyo.

Pagtiyak sa Pagsunod

Ipapaalam at ipapadala ng mga Kasosyo ang Pamantayan na ito at titiyakin na susunod ang kanilang mga empleyado na naglilingkod o nagtatrabaho sa Workday account sa mga kinakailangan na nakabalangkas sa Pamantayan na ito. Inaasahan din na tinitiyak ng mga Kasosyo na sumusunod din ang kanilang mga ikatlong partido at supply chain sa mga prinsipyong nakabalangkas sa Pamantayan na ito, kung naaangkop. Nakatuon ang Workday sa patuloy na pagsusuri at pag-update sa mga patakaran at pamamaraan nito; samakatuwid, ang Pamantayan na ito ay maaaring amyendahan upang maipakita ang mga nagbabagong pinakamahusay na gawi at mga kinakailangan sa regulasyon.

Paglalahad ng mga Alalahanin

Ipapaalam at ipapasa ng mga Kasosyo ang Pamantayan na ito sa kanilang mga empleyadong naglilingkod o nagtatrabaho sa Workday account. Lubos na hinihikayat ang mga Kasosyo na makipag-ugnayan sa kanilang pangunahing miyembro sa pangkat ng Workday upang malutas ang mga alalahanin sa negosyo o pagsunod. Bukod dito, dapat iulat ng mga Kasosyo ng Workday at ng iba pang mga stakeholder ang mga pinaghihinalaang paglabag nang hindi nagpapakilala at kumpidensyal sa Workday Speak Up Hotline, na maaaring maa-access sa speakup.workday.com o sa pamamagitan ng pagtawag sa 800-325-9976 (para sa mga tawag sa labas ng U.S., bisitahin ang speakup.workday.com).

Pag-iwas sa Paghihiganti

Dapat ipagbawal ng mga Kasosyo ang anumang anyo ng paghihiganti laban sa sinuman na, sa mabuting hangarin, ay nag-uulat ng anumang aktwal o potensyal na paglabag sa Pamantayan na ito, o sa anumang ilegal o hindi etikal na pag-uugali. Ipagbabawal ang paghihiganti para sa anumang ulat na may mabuting hangarin, kahit na sa huli, ito ay lumabas na walang batayan.